

PROLOGUE

For the very first time, he went to see Georgina. Hindi ito matutuwang makita siya, alam niya iyon, kaya nga pipilitin niyang huwag gumawa ng ingay kapag inakyat ang bintana ng silid nito.

He stopped running when he caught sight of the modest house, breathing hard as he tried to catch his breath.

He felt miserable these past few days. Lalo pa nga sa tuwing nakikita niya ang babae kaya nagpasya siyang lumayo na rito. Maliban sa huling pagkakataong ito. Pagkatapos nito ay hindi na sila magkikita pa. Matutuwa na siguro ito kapag nangyari iyon.

Siyempre pa, kapag nawala siya sa eksena ay hindi na mapipigilan ang babae na gawin ang gusto nito. Puwede na itong makipaglapit sa kanyang nakatatandang kapatid nang di inaalala ang damdamin niya. Magpaparaya siya, iyon ang tamang gawin.

But why did he feel like screaming? He wanted to kick something or smash anything with his bare

hands. He felt like dying.

Napatingin siya sa kanang palad nang maramdaman ang sakit. Even in the semi-darkness, he saw the tickle of blood... dahil iyon sa tinik ng rosas. Hindi niya namalayang napahigpit pala ang hawak niya sa tangkay ng bulaklak.

I'm doing the right thing, he thought to himself. Kinumbinsi niya ang sarili habang nakatingala sa buwan. Indeed, it was a beautiful night. Too beautiful, in fact, compared to his dark need.

Huminga siya nang malalim, saka dahan-dahang nilapitan ang madilim nang bahay. Sigurado siyang nahihimbing na ang mga tao sa loob dahil malalim na ang gabi.

Tumingala siya sa capiz na bintana sa ikalawang palapag. Sarado iyon, pero alam niyang hindi nakakandado. Or he certainly hoped so. Dahil kung hindi, aalis siya bukas patungong Amerika nang hindi nakakapagpaalam sa babaeng mahal niya.

Clamping his teeth at the smooth end of the flower's stalk, he started climbing the mango tree. Ni hindi siya nahirapan. Ilang beses na nga ba niyang inakyat ang punong ito nang sa gayon ay makapasok sa silid ng kaibigan? Maraming beses na

rin. Gayunpaman, ito ang una't huling pagkakataon na aakyat siya nang walang permiso nito.

But then again, she didn't have to know...

Carefully, he slid open the window. A shaft of moonlight penetrated the Spartan room. The lace curtain whispered against the cool, strong wind and it made the skin in his arms and face tingle.

Dahan-dahan siyang umapak sa pasimano ng bintana at maingat ding lumakad palapit sa kama.

He stared at the girl's sleeping form in front of him. She hadn't stirred. Nanatili ito sa gayong ayos—nakataas ang isang kamay sa ulunan habang ang isa naman ay nakapatong sa impis na tiyan. Nakasabog sa unan ang tuwid at mahabang buhok nito at bahagya pang nakaawang ang mapupulang labi.

His gaze fell to the gentle rise and fall of her chest. She was wearing an oversized shirt, but it did nothing to conceal her curves. The curves that he had seen, touched once. He had her once, and the bittersweet memory of it was still imprinted in his brain.

How long would he remember it? He desperately wanted to forget. He also wanted to feel sorry he took her despite the fact that it was his brother she

wanted. Pero hindi niya magawang magsisi. He was only seventeen, yes, but he loved her. He loved her since... for as long as he can remember. He hated her, too, because she couldn't seem to return the favor. Why couldn't she love him? Even just a little?

He can never be Marcus. He can only be himself. Para kay Georgina, pinilit niyang pantayan, kung hindi man higitan ang kapatid nang sa gayon ay mabaling ang atensyon nito sa kanya, pero ano ang nangyari? Matapos ang namagitan sa kanila, kay Marcus pa rin ito bumaling. Hindi nga ba't nakita niya ang dalawang naghahalikan habang nasa kuwadra?

Marahan siyang naupo sa gilid ng kama, minememorya ang bawat detalye sa anyo ng babae. Damn her! How can she be insensitive?

Kung hindi pa sa nasaksihan niya ay baka hindi pa siya nagising sa katotohanan na kailanman ay hindi mapapasakanya si Georgina. That particular scene was like a hard slap on the face. Sa isip niya, kung mawala man sa kanya ang puso, at least, hindi ang pride. Sa Amerika ay siguradong malilimutan niya ang babae. He'd bury himself in his studies and after that... who knows? He might actually meet a woman there capable of returning his love and affection.

“I hate you, do you know that?” bulong niya. And yet he gently rubbed a finger against her cheek. She only sighed then settled again into deep sleep.

Kung siya lang ang masusunod, hindi niya iiwan ang rancho. Kaya lang nagbago ang isip niya matapos ang nakita. Miguel, that bastard excuse for a father, wanted him to go, anyway. Ngayon may dahilan na ito para matuwa sa kanya.

At si Marcus... he won't have to compete with his brother anymore. No more. Sa Amerika ay mamumuhay siya bilang siya, at hindi bilang nakababatang Castellano. Kung magagawa niya, hinding-hindi na siya babalik dito. May pakiramdam siyang matatagalan bago siya makabalik sa lugar na pinagmulan.

“Para sa ‘yo ‘to. I know you like roses,” anas niya na ipinatong sa gilid ng kama ang bulaklak. Ingat na ingat siya sa pagkilos sa takot na magising si Georgina. O sa takot na magising ito at ipagtulakan siya sa palabas.

“Because you won't accept my love, I'm giving you a rose instead. I would've given you much more but you won't let me. Kaya aalis na lang ako. Hindi ko kayang makita kayo ni Marc na magkasama.”

Yumuko siya at masuyong dinampian ng halik ang labi ng tulog pa ring babae. Every little detail of her pretty face he committed to memory—the well-shaped eyebrows, the aquiline nose, the high cheekbones and the generous mouth. He even looked at the delightful mole on the upper part of her lips.

Seeing her like this created a turmoil inside him, one that should never cloud his better judgement.

He let the pain lace those last words. “Why should I linger around you, waiting to get hurt? Suko na ‘ko, Georgina.”

Pagkatapos niyon, tumayo na siya. He went the way he came. Once outside he had to run again, pero ngayon ay hindi dahil sa pagmamadaling makita ito kundi sa kagustuhang makalayo na rito.

Hindi na niya nakita nang maalimpungatan si Georgina. Napaupo ito sa kama, pinag-isipan kung ano ang dahilan ng pagkagising nito.

Whether it was caused by a fluttering sensation or a feeling of being gazed upon, she couldn’t decide.

Napakot ang tingin nito sa pulang rosas at napakunot-noo. Nagtataka man ay pinulot nito iyon. Sandali nitong pinagmasdan ang hawak, at nang pumasok ang isang realisasyon sa isipan ay

napabalikwas ito saka mabilis na tinungo ang mga bintanang bukas na ngayon.

Sumilip ito sa labas.

She caught a glimpse of him running away. Hindi na nito kailangang makita nang malapitan para malamang siya nga iyon.

“Trey,” she whispered as she watched him disappeared through the thickening shrubs and trees.

Hindi nito maintindihan kung bakit nakaramdam ito ng bahagyang kalungkutan. Yumuko ito, pumikit saka sinamyo ang hawak pa ring rosas.

1

Eight years later...

Nagpalinga-linga sa paligid si Georgina habang minamaneho ang scooter. Maaga siyang magtutungo ngayon sa rancho dahil marami siyang trabahong dapat asikasuhin. Wala si Marcus at ang fiancée nitong si Angela kaya bilang sekretarya at kanang-kamay ng una, trabaho niyang patakbuhan ngayon ang rancho hanggang sa matapos ang bakasyon ng mga ito.

Pinabagal niya ang takbo ng sasakyan nang malampasan ang wrought-iron gate. Napansin niyang bagong pintura ang arko, maging ang pangalang *Rancho Castellano* na nakasulat dito. She admired the two stone posts with their rearing horses; it was definitely new.

Siguro ay ipinalagay iyon ni Marcus noong isang araw bago tumulak patungong *El Nido* sa Palawan. Probably to impress Trey, his younger brother, who will arrive from the States three days from now.

Nakadama ng magkahalong lungkot at nerbyos si Georgina nang maalala ang lalaki. Hindi niya gusto

ang nararamdaman kaya pinilit niyang ibaling ang atensyon sa ibang bagay. Inabala rin niya ang sarili sa pamamagitan ng pagpansin sa nadaraan.

The lane was lined with mahogany trees. They looked majestic. True enough, Marcus did a good job turning the ancestral house into a showplace. Napakaraming ipinagbago ng lugar mula nang pumanaw si Miguel Castellano, mula nang malipat sa pamamahala ni Marcus ang rancho. When she drove up the gravel lane toward the stately the two-storey house, she decided that even the scenery there looked different.

Inihimpil ni Georgina ang sasakyan sa malawak na garahe. Napansin niya ang iron trellis sa ibaba ng dating kuwarto ni Trey. Nahinto siya sa paglalakad.

Naalala niya, noong teenagers pa lang sila ni Trey ay madalas niyang akyatin ang trellis nang sa gayon ay makapuslit sa silid nito sa ikalawang palapag. Doon ay maglalaro sila ng *PlayStation*, manonood ng pelikula mula sa DVD player o di kaya naman ay magbabasa ng mga libro at magazines na paborito nila. Trey was such a bookworm. Matalino ito, ngunit sa anumang kadahilanan ay ikinahiya nito ang katotohanang iyon. Kaya nga madalas ay nagpakagago ito para mapagtakpan ang katalinuhan.

Naisip nga niya noon na pilit nitong tinutularan si Marcus. Mas matanda ang huli ng limang taon sa kanila, and even then he was too old for his age. Bilang panganay ay ito ang hinasa ni Miguel sa lahat ng bagay. Naka-diaper pa lang si Trey ay nag-aaral nang mangabayo ang kapatid nito. Habang sila ni Trey ay abala sa kung anu-anong kalokohan, si Marcus ay abala naman sa pagsunod sa yapak ng istriktong ama. Hindi niya malaman noon kung maaawa o hahanga sa lalaki.

Naawa rin siya noon kay Trey who was so willing to please Miguel. Lihim na umaasa noon ang kaibigan niya na mabibigyan din ito ng ama ng responsibilidad sa rancho. Mahal na mahal nito ang lugar na iyon. Siya nga lamang yata ang taong nakaalam kung gaano...

The roses creeping the trellis swayed gently in the breeze. Ah, she used to infuriate Trey then. Sa tuwing bababa siya sa trellis ay maglalambitin muna siya roon. May kataasan din iyon kaya gayon na lang ang pagkainis sa kanya ng lalaki.

“Alam mo, Georgina, hindi ganyan ang magpatihulog,” ang paborito nitong litanya noon na kahit tinutuya siya ay halata namang kinakabahan.

Napabuntong-hininga siya nang maalala ang

nakaraan. She missed Trey a lot. Pero napalitan iyon ng inis sa tuwing maaalala ang hindi nito pagpansin sa kanya noong libing ni Miguel tatlong taon na ang nakalipas, na para bang hindi siya nito kilala. Na para bang wala silang pinagsamahan. Noon na lang sila nagkita pagkatapos ng limang taon ay hindi pa siya nito kinibo...?

Oo, nagkaroon nga sila ng di-pagkakaintindihan bago ito umalis, pero naging magkaibigan pa rin sila. Nasaan ang konsiderasyon nito? Ni hindi ito nagpaalam sa kanya noon. Biglang-bigla ang pag-alis nito. Ilang beses nga bang pinagtalunan ng mag-ama ang tungkol sa kagustuhan ng matanda na pag-aralin ito sa ibang bansa? Sobra ang ginawang pagtutol ni Trey, iyon pala aalis din ito.

Ah, bakit ba kasi pumasok sa isipan niya ang kababata?

Binaybay ni Georgina ang patio sa malawak na hardin. Nilampasan niya ang pabilog na fountain, saka tinungo ang main door. Pero nagbago ang isip niya. Imbis na roon dumaan ay pinili niya ang kitchen door.

Nagulat pa siya nang sa pagpasok ay nabungaran si Aling Charito at ang anak nitong si Beth na abala sa kusina. May nerbyos at pagmamadali sa kilos ng

mga ito na hindi niya maunawaan.

“Magandang umaga,” pukaw niya sa pansin ng mag-ina.

“Ma’am Georgina, ikaw pala...” Gayunman, patuloy ito sa paghahalo ng kung anumang niluluto.

The kitchen smelled of spices and something she couldn’t name. The bread in the oven, perhaps? The delicious scent surely drifted around her, making her mouth water.

“Mukhang abala kayo, ah,” puna niya mayamaya.

Si Beth ang sumagot, may kislap pa sa mga mata nito nang lapitan siya. “Oo, Miss Georgina. Dumating na kasi si Sir kanina.”

Akala ba niya ay sa Huwebes pa ang balik nina Marcus? “Gan’un ba? Hindi niya nabanggit sa ‘kin.”

Akmang magsasalita ang dalagita nang tawagin ng matanda. “Beth, iyong ipinahiwa kong gulay, nasaan na?”

“Naku, hindi ko pa pala nahuhugasan!”

“Susmaryosep na batang’ to! Aba, bilisan mo na ang pagkilos!”

Nagkibit-balikat na lang si Georgina, hindi

malaman kung maaaliw o matatawa. “Hindi ko na kayo iistorbohin. Dederecho na lang ako sa itaas para kunin ang mga papeles. Iyon talaga ang sadya ko kaya nagawi ako dito.”

They both nodded absent-mindedly.

Lumabas na siya ng kusina, inakyat ang grand staircase na nasa tabi ng study saka pumihit pakaliwa patungo sa master’s bedroom.

Naisip niyang kakatukin na lamang niya roon sina Marcus at Angela. Hindi na niya gagamitin ang susing ipinahiram ng lalaki.

Nagtataka talaga siya. Bakit kaya umuwi kaagad ang mga ito? Kaaalis lang ng dalawa nang nakaraang araw. Kung may nangyari man—maganda o hindi—ay tatawagan siya ni Marcus.

Akmang kakatok na si Georgina sa pinto nang makarinig ng kaluskos mula sa pinakadulong silid. Ipinilig niya ang ulo, sandaling nakinig. Mayamaya ay nagdesisyon siyang tumayo sa harap ng pinto niyon.

Diyata’t may nakapasok na magnanakaw sa dating silid ni Trey?

Nakakandado ang silid na iyon sa lahat ng oras. Tanging mga katulong ang pumapasok doon. Pero

naroon sa kusina sina Aling Charito at Beth, kaya sino...?

Pigil ang hininga, dahan-dahan niyang pinihit ang seradura.

Two hours earlier...

Home at last.

Matapos ang humigit-kumulang walong oras na biyahe ay narating din niya sa wakas ang *Rancho Castellano*.

Masosorpresang tiyak si Marcus. Hindi alam ng nakatatandang kapatid na mapapaaga ang uwi niya galing States. Pero iyon nga ang gusto niyang mangyari—ang masorpresa ang lahat pati ang mapapangasawa nito.

Huminto ang sasakyan at umibis si Trey, halatang pagod. Ibinaba nila ng driver ang mga bagahe nang mapansin ng hardinerong kanina ay nakita niyang abala sa pagdadamo. Pagkatapos niyon, animo kabuteng nagsulputan sa tabi niya si Aling Charito at isang dalagitan sa hula niya ay anak nito.

“Sir Trey!” anang matanda na sadyang ikinagulat ang pagdating niya.

Tinulungan siya ng tatlo sa pagbubuhat.

“Si Marcus?” tanong niya na dumerecho sa foyer ng ancestral house. He was a little disappointed. Despite its grandeur, the house looked deserted. “Nasaan sila?”

“Umalis ho kahapon kasama si Ma’am Angela. Tatlong araw daw ho silang magbabakasyon sa Palawan kaya malamang sa Huwebes pa ang dating nila. Eh, Sir, akala po naming lahat ay sa Biyernes pa kayo darating. Hindi po kami nakapaghanda.”

Naglakad siya, pabalik-balik. Nang mapansin ang ninenerbyos na anyo lalo na ng dalawang babae ay saka lang siya tumigil. “Napaaga ang uwi ko. Ayos lang, Aling Charito. Ako na ang bahalang tumawag kay Marcus.”

“Kung ganoon, gusto n’yo ba munang mag-agahan, Sir? Napakalayo ho ng Maynila dito sa Ilocos. Siguradong nagutom kayo sa biyahe.”

Umiling siya. Pasado alas ocho nang nakaraang gabi nang lumapag sa airport ang sinakyan niyang eroplano. Maliban sa jet lag, puyat siyang talaga. Sa mga oras na ito ay gabi na ngayon sa New York. Dapat ay oras ng kanyang pahinga.

“Pakiayos na lang ang kuwarto, please.” And by

that he meant his old room.

“Oho, Sir.”

Habang hinihintay na maayos ng mga ito ang kanyang silid, wala sa loob na sinilip niya ang kusina, ang study at ang dalawang receiving area. Ilang bahagi pa lamang ng bahay ang nakita niya, ngunit kaagad niyang natuklasang inabala nang husto ni Marcus ang sarili sa pag-re-renovate niyon. Nagmukhang moderno ang lugar. Napakaraming pagbabago. For one, ang dating sementadong dingding ay napalitan ng glass wall. Ang ilang panig ay gawa sa granite. Ang tanging di binago ng kanyang kapatid ay ang orihinal na porma ng bahay ngunit maliban doon, nagbago ang lahat.

Subconsciously, inalis ba ng kapatid ang marka ng namayapa nilang ama? Hindi na siya magtataka. Siya man ay may mga alaala sa bahay na ito na mas gustong kalimutan.

Hindi nagtagal ay muling lumitaw si Aling Charito at sinabing handa na umano ang silid niya.

Mabilis ang mga hakbang niyang tinungo ang grand staircase. Pumihit siya pakaliwa saka pinasok ang pinakadulong silid. Maliit ang kuwarto ni Trey kung ikukumpara sa siyam pang silid sa bahay na

iyon, but much more cozy. It was his lair, his hiding place during his teenage years.

Ni walang nabago sa loob, pansin niya. Naroon pa rin at naka-display sa shelf ang superhero figures na koleksyon niya noong bata pa siya. Maliban doon, maayos na nakasalansan ang mga librong paborito niyang basahin. He was always been a fan of scientific fiction.

Pumasok siya sa banyo para maligo. Habang nagtatanggal ng damit ay pinag-isipan niya ang isang mahalagang bagay: ang problemang pampamilya.

Problema nga kaya?

Two weeks ago, tinawagan siya ni Marcus para ipaalam ang tungkol sa nalalapit nitong kasal. Higit pa roon, sinabi nito ang isang lihim sa nakaraan ng kanilang amang si Miguel. Si Rance, ang alaga ng huli at siyang horse trainer ngayon sa rancho ay kapatid pala nila sa labas.

Two issues in a row, how good is that?

Hindi naman sa tumututol si Trey sa gaganaping kasal, pero nalaman kasi niyang halos tatlong buwan pa lang na nagkakakilala sina Marcus at Angela. And there was the more disturbing thought—tinangkang sunugin umano ng babae ang kuwadra anim na linggo

na ang nakakaraan. Kinuwestiyon niya ang kapatid tungkol dito, ngunit tumanggi itong magsalita. Mas gusto umano nito kung sila mismo ni Angela ang mag-uusap. They cannot talk about things like these over the phone. Kaya heto siya ngayon, napauwi sa rancho kahit na mas gusto niyang manatili sa States at asikasuhin ang trabaho.

Habang nasa ilalim ng dutsa, nagdesisyon siyang ipatawag, kung hindi man hagilapin sa rancho si Georgina. Kung may tao mang nakakaalam tungkol sa nangyayari kay Marcus, ang babae iyon. Umano’y ang kababata ang naging sekretarya at kanang-kamay ng kapatid.

Puno ang isipan niya nang lumabas ng banyo. Nagtuluy-tuloy siya sa paanan ng kama, doon sa kinalalagyan ng mga bagahe. Ilang sandali rin ang lumipas bago niya namalayang may ibang presensya sa silid na iyon.

Napansin lang niya si Georgina nang akmang palabas na ito ng pinto. Clearly, balak nitong lumabas nang walang paalam.

“Georgina...”

Natigilan ito.

It’s definitely her, he decided. Georgina, his old

flame. He recognized the woman by her impeccable, waist-length braid.

Nakasuot ito ng white polo blouse, boots at pantalong maong na humahakab sa maumbok nitong pang-upo. He was always been an admirer of women with shapely derriers...

She turned to face him then. Trey was forced to look at her face instead of her butt.

Walang emosyon sa tinig ng babae nang magsalita, "I'm sorry. May narinig akong ingay habang nasa hallway at inakala kong baka pinasok na ng magnanakaw ang bahay." Patlang. "Why are you here?"

"I should ask you the same question."

"May kukunin sana akong papeles sa kuwarto ni Marcus."

"Ah. I assume the maid gave you the key? Hindi man lang ba nila nabanggit na dumating ako?"

"May sarili akong susi. Marcus gave me the duplicate key just in case.... As for the latter, no, they never told me you were here. Ang sinabi lang nila ay dumating na ang boss nila, but I assumed it was Marcus, not you."

“So he gave you a key then?” makahulugang sabi niya. “Does Angela know about it?”

Nagpamaywang ang kababata. “Kung iniisip mong...” Nagpakawala ito ng marahas na hininga. “Hindi ko kailangang magpaliwanag sa ‘yo. Mas maganda pa nga yata kung kunwari hindi mo ako kilala. Kararating mo lang pero hinuhusgahan mo na ako.”

“I apologize. That is, *if* I’m mistaken.”

“*If* you’re mistaken?” napaawang ang mga labi na ulit nito.

Hinintay niya ang pagbitiw nito ng maaanghang na salita, pero wala siyang narinig. Nanahimik ito, her eyes did all the talking. It became obvious to him that she started to regard his half-naked body with interest. The laser-like quality of her gaze burned a trail to his navel.

Nahugot ni Trey ang hininga.

If she was a willing woman, he wouldn’t mind her thorough scrutiny. Baka pa nga inihagis na niya ito sa ibabaw ng kama...

Something in him stirred. Iyon ba ay dahil sa matagal na panahon na magmula noong may

naikama siyang babae? Or maybe because he took this particular woman in this particular bed years ago? His mind already forgot but his body made him remember.

He gritted his teeth in self-disgust.

Mukhang napansin ni Georgina iyon. “Pasensya na kung naistorbo kita. Aalis na ‘ko.” And yet she stared again at his bare chest, at the towel wrapped tightly against his hips.

“It’s okay. Balak ko rin namang puntahan ka bukas, kung hindi man ngayon. Gusto kitang kausapin tungkol sa kasal.”

“Kaya ka ba napauwi dito? Para sa nalalapit na kasal?”

“*Dahil* sa nalalapit na kasal. There’s a difference.”

Hindi ignorante ang dalaga para makuha ang ibig niyang sabihin. “Naiintindihan ko. Not that I know anything Marcus won’t talk to me about it. I mean, about the fire.”

“Gusto ko lang sabihin mo sa ‘kin ang anumang alam mo tungkol kay Angela. Tomorrow morning, if you’re free...?”

“You’re my boss. I’ll make myself free,” she said

sarcastically.

“If you’d rather not just tell me. I wouldn’t want to divert you from work.”

“Really,” she muttered dryly. “Naroon ako bukas nang umaga sa practice oval. From five to eight a.m. If it’s too early for you, we probably could—”

“No, that’ll be fine.”

“Okay then.” Tumalikod na ito, saka sinimulang tunguhin ang pinto. Lumingon ito nang may maaalala. “By the way, welcome back. Naisip ko lang, hindi porque ganyan ka, hindi na ‘ko magpapaka-civil sa pagharap sa ‘yo.”

And then she was gone.

Natatawang napailing si Trey dahil sa tinuran ng kababata. Naisip niyang hindi pa rin pala nagbabago si Georgina. Despite her exotic look, tila lalaki pa rin itong magkikilos. Pero maliban doon ay nagbago na ang lahat. Nagbago na ang lahat sa pagitan nilang dalawa. Hindi na tulad ng dati ang pakikitungo nila sa isa’t isa.

Not that he cared. Ang nakaraan ay nakaraan at naniniwala siyang hindi iyon dapat makasasagabal sa kasalukuyan. Sure, he loved Georgina when he was

still a boy, but he was no longer a boy now. Forgetting her was the hardest thing he had ever done in life, but he succeeded. Eventually.

Wala sa intensyon niyang balikan pa ang nakaraan. Nagpaubaya na siya kay Marcus, at kung ngayon ay hindi rin nagkatuluyan ang dalawa ay wala na siyang pakialam.

Regardless, hindi talaga siya makapaniwala na sa kabila ng katotohanang ikakasal na si Marcus sa ibang babae ay pumayag pa rin si Georgina na maging 'pangalawa' nito. Heck, binigyan pa pala ito ng susi! She could deny their discreet relationship but never to him. He's been called a lot of things, but never naïve.

Kailan kaya matatapos ang problema? Kailangan niyang makausap si Rance bago umalis. Bukod doon, kailangan din niyang kilalaning mabuti si Angela nang sa gayon ay mapalagay ang loob niya. Alang-alang man lang sa kapakanan ng nakatatandang kapatid...

Sana ay makabalik siya kaagad sa Amerika. With that in mind, ipinagpatuloy ni Trey ang naantalang pagbibihis.

2

Wala sa pagmamamaneho ang isip ni Georgina. Hindi siya makahinga nang maayos. Naririnig pa niya ang malakas na tibok ng puso.

It shocked her to see Trey again. Nang magkaroon ng sunud-sunod na problema sa rancho, halos murahin niya sa isip ang lalaki. Ang sabi niya sa sarili, sakaling dumating ito sa kasal ay magbibitiw siya ng salitang hindi nito malilimutan. Ngayong nakaharap niya ito ay tila nilunok niya ang mga salitang gusto pawalan.

Christ, what was she thinking? Isang sulyap lang sa kababata ay kung anu-anong ideya na ang pumasok sa kanyang isipan. Ilang taon na rin ang lumipas mula nang may nangyari sa kanila, pero bakit magpahanggang ngayon ay ganito pa rin ang nararamdaman niya? Akala pa naman niya ay hindi na siya maapektuhan ng presence nito.

Why in hell does he have to look so good? He wasn't as broad or muscular like his older brother, but she could say that his physique was much more defined. Para pa ngang nakikita niya ang six-pack ng lalaki. God! To touch his chest and navel with her

fingers... She'd surely die of heart attack.

Para siyang tanga. Hayun si Trey at mukhang kontento na sa buhay. Alam niyang matagumpay ito sa napiling propesyon. Maliban doon, tila kinalimutan na siya nito nang tuluyan. Dati kung tratuhin siya nito ay tila siya isang prinsesa. Ngayon.... ni wala nga yata itong pakialam masaktan man siya dahil sa mga binibitawan nitong salita.

At ang pagbintangan siyang kalaguyo ng kapatid nito! Jesus, that's too much! Sekretarya siya ni Marcus—what did he expect? Isipin na nito ang gustong isipin, pero nunca na ipagtanggol niya ang sarili. After all, mukhang desidido na itong paniwalaan ang gustong paniwalaan.

To think, pumayag-payag siyang makipagkita rito bukas, kahit pa nga si Angela lang ang gusto nitong pag-usapan. Kung gagamitin niya ang utak, dapat ngayon pa lang ay iwasan na niya ang lalaki. Dapat pabayaang niyang ito at si Marcus ang mag-usap.

Gusto sana niyang maging magkaibigan sila ulit, ngunit pagkatapos ng naging pag-uusap nila kanina ay mukhang imposible na iyon. Hindi tuloy alam ni Georgina kung saan lulugar. Dapat bang ituring itong kaibigan o amo? Amo siguro. After all, hindi na tulad ng dati ang sitwasyon nila ngayon.

They were neither friends nor enemies. So, ano ang puwedeng itawag sa relasyon nilang dalawa? Acquaintances?

Ah, pakikiharapan na lang niya nang maayos ang binata bukas.

Kinabukasan, alas cuatro pa lang ng umaga ay gising na si Georgina. Naligo siya, nagbihis at pagkatapos ay kinain ang agahang inihanda ng ina.

She was already twenty-five years old, ngunit kung asikasuhin ni Divina ay animo bata pa siya. Siguro dahil na rin sa wala itong ibang pagkakaabalahan maliban sa pag-aasikaso sa kanya.

Namayapa na ang ama niya apat na taon na ang nakakaraan. Nauna lang ito ng isang taon kay Miguel na siyang pinagsilbihan nito. Tulad niya, naging kanang-kamay din ito sa rancho. Ngayon silang magina na lamang ang magkasama sa lumang bahay na iyon.

Mayamaya ay binabagtas na niya ang daan patungo sa practice oval. Habang nakasakay sa puting scooter ay inabala ni Georgina ang sarili sa pag-iisip. Wala na yata siyang ginawa nitong nagdaang mga araw kundi magmuni-muni, ang alalahanin ang

nakaraan...

Masayang sumigaw si Trey nang marating nila ang ilog sa gawing silangan ng rancho.

Mula pagkabata ay gawain na nilang magtungo roon, kahit pa nga mahigpit na ipinagbabawal ni Miguel. Noong panahong iyon ay ilang buwan din silang hindi nakalangoy sa ilog kaya gayon na lang ang pagkatuwa nila. Animo mga ibon silang nakawala sa hawla.

Labing-apat na taong gulang silang pareho ni Trey noon at kailan lang nagsimulang magbinata at magdalaga. Wala pang malisya ang murang pag-iisip nila noon.

Or so she thought.

Tinanggal ni Trey ang pang-itaas na saplot. Pagkatapos ay tumalon ito sa ere, naglambitin sa sanga ng punong-kahoy sa gilid ng ilog. Ilang beses pa muna itong nagsirko bago tuluyang nagptihulog sa tubig. Nang sa wakas ay lumutang ito, iwinasiwas ang palad sa kanya bilang imbitasyon.

Ikaw naman, 'yun ang ibig sabihin ng kababata.

Tumawa si Georgina, saka walang alinlangang inalis din ang suot na t-shirt. Sanay na siyang gayon

ang gawin kapag lumalangoy, kaya hindi na niya napansin na natigilan si Trey.

Ginawa rin niya ang ginawa nito kanina. Nang naroon na siya sa tubig ay lumangoy siyang palapit dito, ang buong intensyon ay kunwaring lunurin ito tulad ng dati na nilang ginagawa. Ngunit nagulat siya nang mabilis nitong hapitin siya sa baywang at siilin ng halik ang kanyang mga labi. Halik-bata lang iyon; *only involved the lips. But she was shocked nonetheless.*

Sinuntok niya ito sa nguso nang makabawi sa kabiglaan. “Sira ka pala, eh!” sigaw niya.

Natutop nito ang sariling bibig. “Ang arte mo naman, para ‘yun lang,” anito mayamaya.

“Anong ‘para ‘yun lang?’” Akmang lalapitan niya itong muli ngunit mabilis itong nakalangoy palayo. “Bakit mo ginawa ‘yon? Lumapit ka dito para makita mo’ng hinahanap mo!”

“Curious lang,” tugon nito na tatawa-tawa. “Lahat ng kasama ko sa school ay may experience na sa kissing. Aminin mo na, curious ka din, di ba?”

“Ang kapal mo! Kung curious man ako, hindi ikaw ang hahalikan ko, Baliw!”

“Sino? Si Marcus? Hindi ka papansinin n’un,

pustahan tayo.”

“Ano ba’ng pakialam mo?”

“Aminin mo na kasi! Masarap naman, di ba?”

“Pati ako pinagtitripan mo, gan’on? Maghanap ka ng ibang iinisin mo, ‘wag ako!”

“Oo na, oo na, Lola. ‘Wag kang mag-alala dahil hindi rin naman kita type. Natuwa lang naman ako sa ‘yo kasi kaamoy mo ‘yung alaga kong kabayo.”

Muling nagbuntong-hininga si Georgina. Ah, bakit nga ba inisip niyang walang malisya ang aktuwasong iyon ni Trey? Ni hindi niya napansing nagsisimula na pala itong magkagusto sa kanya. As friends they hang out all the time. Pagkatapos tanong pa siya nang tanong noon tungkol kay Marcus... palihim na pala niyang nasasaktan si Trey.

Natigil siya sa pagmumuni-muni nang marating ang practice oval. Inihimpil niya ang sasakyan sa gilid ng rail fence, saka tinungo ang ilang trabahador na kaagad bumati sa kanya. Umiinom ng kapeng barako ang mga ito habang pinanonood ang ilang race horses na sinasanay ng kani-kanyang jockey at horse trainers.

Palibhasa bumuhos ang ulan nang nakaraang

gabi, malamig at mahamog ngayon ang paligid. Pero sa kabila niyon ay maliksing nagtatrabaho ang mga tauhan.

Hindi lang kabayo ang inaalagaan sa rancho. Hundreds and hundreds of cows grazed the small hill in the west, and also in some parts of the wide territory.

Napansin ng dalaga na wala pa si Trey sa practice oval. Minabuti niyang manood muna ng munting karera ng mga kabayo at simulan ang trabaho habang hinihintay ang pagdating ng kababata.

3

Nadatnan siya ni Trey habang nakasakay ito sa isa sa mga alagang race horses. She knew that the stallion looked impressive, regal, elegant, but she never knew that at the moment, he applied the adjective to her too.

She never acknowledged him. Kunwari ay hindi niya napansin ang pagdating nito. Mula sa gilid ng kanyang mata ay nakita niya nang sumandal ito sa rail fence at panoorin siya. The thought made her skin tingle.

Hindi niya inasahang maaga ang dating nito. Gayunpaman, nasulyapan niya ang suot nitong running shoes at jogging pants... naliwanagan tuloy siya. That explained the lean, healthy body of his. Kailan pa ito naging health-conscious?

He carefully surveyed the scene around him. Alam ni Georgina kung ano ang nakikita nito ngayon. The track at dawn was a different world. It was still cloaked in mist when he arrived. It was quiet, almost serene. Voices were muffled by the fog and people moved in and out of the trailing mist like ghosts.

Nang mag-aral ang lalaki sa Amerika ay tila nakalimutan nito ang nakalalaking mundo. Siguro nga, hindi na ang *Rancho Castellano* ang tahanan nito kundi ang New York. Na-miss man lang kaya ng kababata ang rancho? Dahil kung oo, hindi halata.

Nakipag-usap si Trey sa ilang trabahador. Ilang minuto rin ang itinagal niyon. Gayunpaman, mayamaya ay napatingin ito sa kinaroroonan niya. Nagkasalubong tuloy ang kanilang mga paningin. Mabuti na lang at malayo ang distansya nila sa isa't isa; hindi na nito nakita ang pamumula ng kanyang mukha.

Ano ba ang mayroon sa lalaking ito at natuturte ang utak niya at kung anu-anong sensasyon na nararamdaman ng katawan niya?

Napilitan siyang lapitan na ito. Iyon ay pagkatapos hapusin at bulungan ang stallion. She gave the reins to the alert handler after that.

“Good morning,” bati ng lalaki na bahagya siyang nginitian. Tila pilit na pilit ang pagngiti nito. Kailan ba ito nagsimulang manlamig sa kanya?

“Good morning din,” balik niya.

Nagsialisan ang kalalaking kanina lang ay kausap nito. Siguro ay naramdaman ng mga ito na

mayroon silang pag-uusapan.

Ani Trey, “I almost forgot how much you loved horses. They were your only weakness.”

You are my weakness. “Still are,” pagsisinungaling ni Georgina. “Maaga ka yata? Sa totoo lang, akala ko mamaya pang alas ocho ang dating mo.”

“Can’t sleep.”

“I see. So you wanna go someplace else? Ang sabi mo gusto mo akong kausapin tungkol kay Angela.”

“Ayos lang kung dito. I wouldn’t want to drag you away from work. I know you’re busy here. Anyway, ano nga ba talaga ang trabaho mo dito sa rancho? I thought secretaries work in offices.”

“I do. Kaya lang masyadong demanding ang kapatid mo. Hindi lang sekretarya ang papel ko sa kanya kundi kanang-kamay, troubleshooter, all-around. Ginagawa ko kung ano’ng kailangang gawin, no questions asked.”

“Good for you. Ibig lang sabihin, you’re indispensable around here.”

“Parang gano’n na nga. Pero hindi ka naman siguro pumunta dito para makipagkuwentuhan, di ba?” *Now, Georgina... why do you have to be so bitchy?*

Ang sabi mo, kahit mahirap pakikitaan mo siya nang maganda.

“You’re charming, as usual, but you’re right. Gusto ko lang talagang tanungin ka tungkol kay Angela. At Rance.”

“Kung gan’on alam mo na ang tungkol kay Rance?” Nagulat talaga siya.

“Na kapatid namin siya sa labas? Yeah, Marc told me over the phone. Isa iyon sa dalawang dahilan kaya ako napauwi. Can you tell me anything about it?”

Umiling siya. “I can’t, but Angela can.”

Kumunot ang noo nito. “Angela? Ano’ng kinalaman niya dito?”

“Well, siya lang naman ang susi sa nakaraan ng ama mo. Alam mo bang ni hindi alam ni Don Miguel na anak niya si Rance? Dahil kay Angela, nalaman ni Marcus ang totoo.”

Si Rance ang lihim sa nakaraan ng yumaong don. Nagulat talaga si Georgina nang malaman ang katotohanan. Ilang araw na ngayong hindi nagpapakita sa rancho ang lalaki... Mula nang malaman nito kung sino ang tunay na ama.

Tumuwid ng tayo si Trey, indikasyon na hindi

nito nagugustuhan ang mga nangyayari. “I don’t have anything against Rance. Alam mong mula pa noon ay itinuring na namin siyang kapamilya ni Marc. Kung totoo mang kapatid namin siya, matutuwa ako. Pero... here’s the catch. I’m not sure if we can trust Angela. Kelan lang ba siya nakilala ni Marc?”

“That’s exactly my point.” Tumalikod siya, saka sumandal sa bakod. Taktika iyon nang sa ganoon ay hindi niya kailangang salubungin ang pagtitig nito. The idea of gazing at those deep, dark eyes unnerved her somehow.

“Tell me about Angela. Let’s start with the fire. Bakit tinangka niyang sunugin ang kuwadra?”

“Basta ang alam ko, may galit si Angela kay Marcus n’ung panahong iyon. Kung ano’ng dahilan ay hindi ko alam. You know what? Kailangan n’yo talagang mag-usap ni Marcus. Hindi ako kampante sa mapapangasawa niya.”

“There’s got to be some explanation about the fire. Kahit gaano niya kamahal ang isang babae ay hindi siya ang tipong magbubulag-bulagan lang, lalo pa nga ang pakasalan ito pagkatapos ng nangyari,” katuwiran ng binata.

“Sigurado ka? Lahat ng tao ay nagiging tanga

kapag nagmamahal.”

“Oh?” He gave her a lopsided grin. “Yan ba ang dahilan kaya pumayag kang... Never mind.”

She whirled around to face him. “Bakit hindi mo ituloy? Kaya pumayag akong makipagrelasyon kay Marcus sa kabila ng katotohanang may fiancée na siya, ‘yun ba ang gusto mong sabihin?”

Nagkibit-balikat ito. “I didn’t say a thing.”

“Pero ‘yun ang iniisip mo!” giit niya.

“So what? Who cares about what I think?”

Tumingala si Georgina para pigilan ang tumitinding inis. Nagbuga siya ng hangin mayamaya. “You’re right. Wala akong pakialam anuman ang isipin mo.”

“Good. Puwede na ba nating balikan ang usapang-Angela?”

Napailing siya, makailang beses. It was full minute before she found her voice again. “Duguan siya nang una naming makita. That was about three months ago. Dinala namin siya ni Marcus dito sa rancho para gamutin, pero nang magkamalay si Angela, ang sinabi niya’y wala daw siyang maalala. Naturally, dito siya nanatili habang nagpapagaling.

Para talaga siyang anghel sa kabaitan... Kaya nga nang biglang lumitaw ang pangil niya, gulat na gulat kami. It was especially hard for Marcus because he liked her a lot.”

“Magaling na ba si Angela n’ung *lumabas ang pangil niya?*”

Tumango siya. “Oo. Naalala na niya ang nakaraan noon.”

“Hmm... interesting. Magtataka ka tuloy kung bakit may magaganap.”

“It’s all so disgusting. Dapat ay mas kilalanin pa nila ang isa’t isa.”

“Sa palagay mo dapat pigilan ang kasal?” nananantyang tanong nito.

“No, not really. Ang sinasabi ko lang—” Natigilan si Georgina nang makita ang hitsura nito. “Hindi ka naniniwala sa ‘kin? Iniisip mo ba talaga na ayokong matuloy ang kasal? Dahil sa palagay mo gusto ko si Marcus para sa sarili ko?” An exasperated sigh escaped her lips. “Hell, wala ka pang dalawang araw dito sa rancho, pero ilang beses mo nang ipinamukha sa ‘kin ‘yan! Well, ito lang ang masasabi ko sa ‘yo... ‘wag mo ‘kong sisihin kung naging malapit kami ni Marcus sa isa’t isa mula nang umalis ka. Iniwan mo kami sa ere,

what did you expect? It's always been the three of us but you pushed us away."

Isang malamig na tingin ang ipinukol ni Trey sa kanya. "You're being overly dramatic, Georgina. Wala sa intensyon kong makipagtalo sa 'yo. Gusto ko lang malaman ang mga nangyari habang wala ako dito sa rancho. Sa isip ko kasi, kung may isang tao mang nakakaalam tungkol sa nangyayari kay Marc, ikaw 'yun."

"Talagang ipipilit mo, huh?"

"Hindi ko kasi maintindihan kung bakit ikinakaila mo pa. Matanda na tayo, Georgina. You can sleep with whomever you want to sleep with. Regardless, you can't let your feelings for him cloud your judgement. Hindi natin puwedeng husgahan si Angela hangga't hindi natin napatutunayang masama ang intensyon niya."

Hindi na niya kinontra ang mga huling pahayag nito. Bakit pa? Mukhang hindi rin naman siya nito paniniwalaan. Kung alam lang nito ang nangyari sa kanya mula nang iwan siya nito para magtungo sa Amerika, siguro hindi nito sasabihin ang masasakit na salitang iyon.

Malumanay ang tinig ng dalaga nang muling

magsalita. Ni hindi siguro nito naramdaman na may bahid ng pait ang mga iyon. “Kung gan’on, bakit ako pa ang napili mong kausapin?”

“Nasabi ko na kung bakit.”

“Right.” She inched up her chin in defense. “At nasabi ko na rin ang lahat ng alam ko. Talk to your brother if you want to know more. He won’t tell me a thing.” Nagsimula siyang maglakad pabalik sa loob ng practice oval. Hindi pa siya nakakalayo nang marinig ang pagtawag ni Trey.

“Georgina...”

Lumingon siya ngunit hindi lumapit. “Bakit? May kailangan ka pa ba?”

When he asked her, he looked only mildly curious. “What happened? I thought you love him. But why is he with another woman?”

Bigla ang pagsiklab ng galit niya. “You happened to me, that’s what!” She stormed away in a fit before he could say anything. Ang hindi niya inasahan ay ang pagsunod nito sa kanya.

“Ano’ng ibig mong sabihin? Am I missing something here?”

Binilisan niya ang paglalakad nang sa gayon

hindi nito maabutan. *Funny, as if I could escape him...*

“Georgina!”

Nahimigan niya ang pagbabanta sa tinig ni Trey pero hindi pa rin niya ito pinansin. Magalit na ito, pakialam ba niya.

Kinuha niya sa pinakamalapit na shedrow ang isang chestnut mare, saka sumakay roon kahit walang nakasuot na saddle and bridle. Aalma sana ang jockey na nakabantay rito, ngunit napigilan ito nang makita ang madilim niyang mukha.

“Georgina! I’m talking to you, damn it!” Hindi niya namalayang nasa likuran na pala niya si Trey.

She was a little scared of his anger but she wasn’t to be intimidated. Minabuti niyang huwag na lamang itong pansinin. Hindi magandang sagut-sagutin niya ang lalaki sa harapan ng ibang tao. Tulad ng jockey, isa nga rin pala siyang tauhan dito. Sa kabila ng nangyari sa kanila, boss pa rin niya si Trey. Hindi niya dapat malimutan ang katotohanang iyon.

He was about to say something when he saw the unbridled mare. “Ano sa palagay mo ang gagawin mo?” manghang tanong nito.

“Hindi ba halata?” balik niya.

“Do you wanna get yourself killed?”

Hindi niya ito sinagot.

“Fine,” anito. “Just don’t blame me if you fall off that horse.” He backed away just a little.

“Oh, now you’re saying I’m incompetent?”

“No,” he said, a bit too late. “Just a little hardheaded. You should saddle up first, that’s all I’m saying.”

She had always been a good rider. As good as he once were. Now? Maybe even better. Sigurado siyang hindi na ito sanay mangabayo ngayon.

Pinaningkitan niya ito ng mga mata. “Yeah, maybe I’m incompetent. Why don’t we find out for ourselves? You can ride the black stallion there while I ride this one. Ano sa palagay mo?”

He chuckled. “You want—”

“A race. Ten laps. Now.” She looked at him through challenging eyes and she knew for a fact that there’s no way he was going to turn down a challenge like that. He’s always been a daredevil... like her.

Binalingan ni Trey ang jockey. “Ano nga’ng pangalan mo?”

“Diego po, Boss.”

“Diego, saddle up the horses please.”

Gayunpaman, sa kanya ito nakatingin. Guni-guni lang ba niya o may nakita siyang kislap sa mga mata ng lalaki? Naaalala tuloy niya ang mga panahong lagi silang magkasama.

Minutes later, they led the horses inside the starting gate. Ang mga tauhang watak-watak lang kanina dahil sa kani-kanyang trabahong ginagawa ay nangakalumpon na ngayon sa railfence para lang panoorin sila.

Samantala, sa gilid ng maputik na racetrack ay nakatayo na si Diego, handang ilaglag ang puting panyo anumang oras bilang hudyat ng pagsisimula ng karera.

Sinulyapan ng dalaga si Trey na nasa kanang panig niya. Parang gusto niyang kabahan sa nakita—he looked competitive, on edge. Very much like the stallion that restlessly pawed the ground. Now he looked more like the old, easy-going Trey.

Pinili niyang palakasin ang loob. “Today’s our lucky day, love,” bulong niya sa sariling kabayo.

“Maybe, but I play to win,” kontra ng lalaki.

“Tatalunin kita.”

“Kung gan'on, tiwala kang ikaw ang mananalo?”

“Oo.”

He chuckled. “It’s no fun if you’ve got nothing to lose.”

“Gusto mong makipagpustahan? Great. Na para bang iindahin mong matalo ka man nang ilang beses sa 'kin.”

“Hindi pera ang gusto ko.”

“Don’t tell me you want sex?” she said sarcastically.

“A great idea, but no, that’s not what I have in mind.”

“Eh, ano?”

“Let me see... how about you muck out stalls for a day?”

Napahumindig si Georgina. “Ano! Sekretarya ako ni Marcus, Trey,” paalala niya. “Marami akong mas importanteng bagay na aasikasuhin kesa sa paghahakot ng dumi ng hayop.”

“Kaya nga dapat manalo ka, di ba? Akala ko ba sigurado kang tatalunin ako?” kutya nito.

“Paano kung ako nga ang manalo? You’ll muck out stalls, really?”

“Hindi lang isa kundi dalawang araw pa.”

“You’re on.”

This time he was the one who smiled mischievously.

Kinabahan man ay hindi na siya nagkaroon ng pagkakataong magbago ng isip. The moment the handkerchief hit the ground, the horses galloped out of the starting gate and into the racetrack. The sound of the horses’ hooves echoed the thunderlike beating of her own heart.

It was all so overwhelming, frightening. Nakaapat na ikot pa lang sila ay nauna na ang stallion nang ilang pulgada. Damn it, her opponent’s good! He practically tricked her!

Ngunit hindi siya papayag na matalo sa pustahan, kahit ano ang mangyari. She urged the mare to go faster. Malakas ang sigawan ng kalalakihang nanonood, pero hindi niya iyon pansin. Wala siyang ibang nakikita o naririnig maliban kay Trey at sa stallion nito na ngayon ay nasa unahan pa rin niya.

You bastard! I’m going to win this, you’ll see...

Lumipas ang ilan pang minuto. And then they

were in the final lap. Kaunti na lang ang pagitan nila ni Trey. Kaunting-kaunti na lang...

Down the stretch, she didn't see a wire got in the way of her horse. Dahil malapit na niyang maungusan ang binata nang magpantay sila, nanlalaki ang kanyang mga mata sa excitement at halos nalimutan niyang huminga.

Doon nangyari ang di-inaasahan. Her horse drew to a sudden halt; the velocity and momentum sent her flying, then toppling to the muddy sidetrack. Meters away from her, the mare kicked and reared like some wild animal.

“Shit!” ani Georgina na pinagmasdan ang putik na kumapit sa mga braso at katawan.

Binalikan siya ni Trey. “Are you okay?” anito na maliksing bumaba mula sa likod ng stallion. Okay lang sana, ngunit napansin niya ang pagkibot ng labi nito na tila pinipigilan nitong matawa.

“Do I look okay to you?” angil niya. Sa totoo lang ay pigil-pigil niya ang pagdaing. Nauna na kasing bumagsak ang pang-upo niya.

“Could've been worse. You could've been trampled to death. Ano ba'ng nangyari?” Yumuko ito sa kanya.

“How should I know? Bigla na lang tumigil at nagwala ang kabayong ‘yan!”

Lumawak ang pagkakangiti nito. “Your lucky day, huh? You made mine interesting. You just lost the bet, Georgina.” Iniabot nito ang kamay sa kanya para tulungan siyang makatayo.

She considered spitting on it but a better idea came to mind. Mahigpit siyang kumapit sa kamay nito, ngunit imbis na magpahila, ito ang hinila niya. She pulled with all her might, and as he landed on top of her, she started laughing.

He was about to say something but stopped when she wiped her dirty hands across his chest and face. He stared dumbfounded at her and she could not help but laugh again.

Noong una ay tumitig lamang ito sa kanya, hindi makapaniwala sa ginawa niya rito. Inakala niyang galit ang nakikita niya... pero napuna niya ang pagsiklab ng apoy sa itim na mga mata nito. The eyes that mirrored the desire she kept hidden in the deep recesses of her heart.

Natigil siya sa pagtawa at tumingin din sa mga mata ni Trey. Matagal silang nagtitigan, nanatili sa asiwang posisyong iyon.

His gaze focused on her quivering lips. His Adam's apple moved when he swallowed. Slowly, gently, he bent his head then their lips touched. His considerable weight crushed her in an intimate, pleasurable way that her stomach filled with fluttering butterflies.

She heard him groan.

At last, he pulled her even closer to him. But just as she was opening her lips for his wild assault, they heard the spectators coming to help them.

Oh, God, what have I done?

Tila napas na itinulak niya si Trey. Mabilis siyang tumayo pero hindi ang lalaki. It wasn't long before he slipped on the expressionless facade again.

“So when do you want me to muck out stalls?” anang dalaga na kunwa’y walang nangyari. Sa totoo lang, nanginginig pa rin ang kanyang katawan sa tindi ng naramdaman niya kanina.

“You don’t have to carry it on,” sagot nito na dahan-dahang tumayo.

“Are you kidding me? I don’t chicken out on bets.”

“Then we have a date on Sunday. In the stable, of course.”

Thorns And Roses - Olivia Ray

“Fine.” At dahil naiinis siya sa isiping tinalo siya nito sa pustahan, idinagdag niya sa hulihan ang, “Asshole.”

Bago pa makasagot ang binata ay tinalikuran na niya ito.